

Fact Sheet

Ang diyabetis ay isang sakit na nangyayari kapag ang iyong asukal sa dugo ay masyadong mataas. Tinatayang 30 milyong tao sa Estados Unidos ang nabubuhay na may diyabetis. Mga 1 sa 4 na taong nabubuhay na may diyabetis ay hindi alam na mayroon sila nito. Ang diyabetis ay hindi pareho ang epekto sa mga lahi at etnikong minorya at iba pang magkakaibang pangkat.

Opisina ng Minority Health at Health Equity

Ano ang diyabetis?

Ang diyabetis ay isang sakit na nangyayari kapag ang sukat ng asukal sa iyong dugo (blood sugar) ay masyadong mataas. Ang insulin ay isang hormone na ginawa ng pancreas na tumutulong sa paglabas ng asukal mula sa iyong dugo at papunta sa iyong mga selula para sa enerhiya. Kung ikaw ay may diyabetis, ang iyong katawan ay hindi gumagawa o gumagamit ng insulin nang maayos. Ang mga sintomas ng diyabetis ay kinabibilangan ng:

- Labis na pagkauhaw at pag-ihi
- Nadagdagang gutom
- Pagkapagod
- Malabong paningin
- Mga sugat na hindi gumagaling
- Hindi maipaliwanag na pagbaba ng timbang
- Pamamanhid o pangingilig sa mga paa o kamay



Mayroong dalawang pangunahing uri ng diyabetis: type 1 at type 2.

Ang type 1 na diyabetis ay nangyayari kapag ang iyong katawan ay hindi gumagawa ng insulin dahil ang iyong sistemang immuno ay umaatake at sinisira ang mga selula na gumagawa ng insulin. Bagama't maaari itong lumitaw sa anumang edad, ang type 1 na diyabetis ay karaniwang sinusuri sa mga bata at kabataan. Ikaw ay nasa mas mataas na panganib para sa type 1 diyabetis kung mayroon kang isang magulang, kapatid na lalaki, o kapatid na babae na may type 1 na diyabetis.

Ang type 2 diyabetis ay nangyayari kapag ang iyong katawan ay hindi gumagawa o gumagamit ng insulin nang maayos. Ito ay kadalasang sinusuri sa mga matatanda. Ang ilang mga kadahilanan na naglalagay sa iyo sa mas mataas na panganib para sa type 2 diyabetis ay kinabibilangan ng:

- Ang pagiging labis sa timbang o napakataba
- Pagiging 45 taong gulang o mas matanda
- Hindi pisikal na aktibo
- Pagkakaroon ng sa pamilya ng diyabetis
- Nagkakaroon ng gestational

Sino ang apektado ng diyabetis?

Mahigit sa 1 sa 10 na nasa hustong gulang sa United States ang nabubuhay na may type 1 o type 2 na diyabetis. Ang mga lahi at etnikong minorya at iba pang magkakaibang pangkat ay may mataas na pasanin ng diyabetis at mga komplikasyon na nauugnay sa diyabetis. Halimbawa, ang mga nasa hustong gulang ng American Indian/Alaska Native ay halos tatlong beses na mas malamang na masuri na may type 2 diyabetis kaysa sa mga hindi Hispanic na puting adulto.

Ang mga produkto ng diyabetis ay inaprubahan ng FDA

Ang mga taong nabubuhay na may type 1 o type 2 na diyabetis ay gumagamit ng glukos meter at test strips upang subaybayan ang kanilang asukal sa dugo araw-araw. Tinutulungan ka ng mga resulta na matukoy ang iyong mga pang-araw-araw na pagsasaayos sa paggamot, malaman kung mayroon kang mataas o mababang antas ng glukos, at maunawaan kung paano binabago ng iyong diyeta at ehersisyo ang iyong mga antas ng glukos.

Ang mga taong nabubuhay na may type 1 na diyabetis ay kailangang bigyan ang kanilang sarili ng mga insulin iniksyon araw-araw upang manatiling buhay at malusog. Maaari din silang makatanggap ng maliliit at tuluy-tuloy na dosis ng insulin sa buong araw gamit ang insulin pump o isang awtomatik na insulin dosing device.

Maaaring kailanganin ng maraming taong may type 2 diyabetis na uminom ng mga gamot sa diyabetis. Maaaring kabilang sa mga ito ang mga tabletas, insulin, o iba pang mga iniksyon na gamot.

Diyabetis at mga klinikal na pagsubok

Hinihikayat ng FDA ang magkakaibang lahi ang pakikilahok sa mga klinikal na pagsubok. Kung sa tingin mo ay maaaring tama para sa iyo ang isang klinikal na pagsubok, makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan. Maaari ka ring maghanap ng mga klinikal na pagsubok sa iyong lugar sa www.clinicaltrials.gov.

Para sa karagdagang impormasyon sa katarungang pangkalusugan, bisitahin ang www.fda.gov/healthequity.